Valid 2017-2018



EAST-WEST SEED



# Paghahanda ng Lupang Taniman
## Teknikal na Gabay

FILIPINO

- **Pagpili ng lugar**

### Mga dapat isaalang-alang:

» Pagkukunan ng tubig
» Nasisikatan ng araw (direksyon at tagal - hindi bababa sa 6 na oras/araw)
» Field history (naunang tanim, pesteng insekto at sakit, pagbaha)
» Katangian ng lupa
» Topograpiya (pabalagbag ang kamang taniman kung pababa ang lugar)



## • Paglilinis ng taniman

1.Tanggalin ang damo



2. Tanggalin ang mga natirang parte ng halama



3. Gumawa ng compost (pwedeng naka-kahon o hukay) para sa mga tinabas na damo at ibang parte ng halaman maliban sa may sakit




4. Alisin ang mga bato



### Mahalagang Paalala:

» Tanggalin ang mga damo bago ito magsimulang mamulaklak

# • Paghahanda ng lupa

## Benepisyo:

» Buwagin ang malalaking tipak ng lupa
» Pigilin ang pagtubo ng mga damo
» Sugpuin ang mga pesteng insekto
» Magkaroon ng mahusay na aeration para sa paglago ng ugat at mahusay na kapasidad sa paghawak ng tubig

## Mga Hakbang:

1. Mag-araro 2-3 beses gamit ang hayop o traktora



2. Ayusin ang lay-out ng taniman gamit ang panukat at tali




3. Gumawa ng kamang taniman (isang metro ang lapad) at kanal para sa labasan ng tubig




4. Pantayin at ayusin ang kamang taniman



## Mahalagang Paalal:

» Itaas ang kamang taniman depende sa uri ng lupa at panahon (10-20 cm ang taas kung tag-init at 30-50 cm kung tag-ulan)
» Gumawa ng maayos na kanal para sa irigasyon at labasan ng tubig
» Tapusin ang paghahanda ng lupang taniman dalawang (2) linggo bago maglipat-tanim

# • Pagpapabuti ng lupang taniman




Suriin ang NPK at pH ng lupa. Kung ang pH ay mas mababa sa rekomendado pH (6.0 - 6.5) para sa mga gulay, maglagay ng apog. Kumon-sulta sa mga eksperto sa lugar para sa tamang paglalagay ng apog.



Maglagay ng pinabulok na tae ng hayop o anumang organikong abono na meron sa lugar (tatlong kilo bawat dalawang metro ng kamang taniman)

## Mahalagang paalala upang mapaganda ang lupa at ani :



**1.** Gawin ang Green Manurin:
*Gumamit ng legumbreng pananims
*Ihalo sa lupa bago ito mamulaklak flowering

**2.** Gawin ang pagpapalit-palit ng pananim

**3.** Maglagay ng plastic mulch at drip irrigation:

Benepisyo ng Drip Irrigation:
» Mahusay na paggamit ng tubig, trabaho at oras ng mga magsasaka
» Nababawasan ang paglala ng sakit
» Nababawasan ang mabilis na

Benepisyo ng plastic mulch:
» Napapanatiling basa ang lupa
» Naiiwasan ang direktang pagdikit ng bunga sa lupa
» Nababawasan ang mabilis na pagkasiksik at pagguho ng lupa
» Nababawasan ang pagtubo ng damo

*hhttp://guides.eastwestseed.com*

*This technical guide is part of a series produced by EWSF. @2017 Copyright of East-West Seed Foundation. All Rights Reserved*

*Agrochemical recommendations have been developed in cooperation with Wageningen University & Research*